Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 13
Alalahanin mo Ako

"Alalahanin mo ako", ay isang panalangin at isang pagnanais patungo sa Dios. Ito ay inuulit sa mga Banal na Kasulatan, at lumalabas at binibigkas mula sa mga nagnanais na lumapit sa Dios at tumugon sa Kanyang tawag sa kanilang buhay. Dito, pag-aaralan natin ang mga Kasulatang ito, at naniniwala ako na makakatulong ito sa atin na maunawaan kung paano matupad ang mga kinakailangan ng tawag ng Dios sa ating buhay.

1. <u>Ang paggamit ng alalahanin moa ko sa pagsisisi</u>: "42 At sinabi niya, Jesus, alalahanin mo ako, pagdating mo sa iyong kaharian." (Lucas 23:42 KJV) Iyan ang panalangin ng nagsising magnanakaw na ipinako sa krus kasama ni Cristo. Inamin niya na siya ay makasalanan at siya ay pinatawan ng tama na parusa. Ang magnanakaw na ito ay nanindigan din at pinagsabihan ang isa pang magnanakaw na nanlait kay Cristo. Ang kanyang panalangin ay nagpahayag na mamamatay si Cristo sa krus at pagkatapos Siyang ilibing, siya ay mabubuhay mula sa kamatayan at aakyat sa Langit at babalik Siya sa Kanyang pangalawang pagdating upang kunin ang mga naghihintay sa Kanya, kasama tayo. Kaya, sa parehong paraan, manalangin at humingi sa Dios sa pamamagitan ni Cristo, nang may pagsisisi, na alalahanin ka Niyang pagdating sa Kanyang Kaharian. Idalangin sa Dios, magsisi at hilingin na huwag Niyang alalahanin ang iyong mga kasalanan at lahat ng iyong pagkukulang. Manalangin ang panalanging ito mula sa iyong puso. ***"9 Huwag kang lubhang mapoot, Oh PANGINOON, o umalaala man ng kasamaan ng magpakailan man: narito, tingnan mo, isinasamo namin sa iyo, kaming lahat ay iyong bayan." (Isaias 64:9 KJV) "7 Huwag mong alalahanin ang mga kasalanan ng aking kabataan, ni ang aking mga pagsalangsang: ayon sa iyong kagandahang-loob ay alalahanin mo ako, dahil sa iyong kabutihan, Oh PANGINOON." (Awit 25:7 KJV) "8 Huwag mong alalahanin laban sa amin ang kasamaan ng aming mga magulang: magmadali ang iyong mga malumanay na kaawaan na tulungan kami: sapagka't kami ay totoong hinamak." (Awit 79:8 KJV)*** Hingin sa Dios na makita kung ano ang mangyayari sa iyo bilang bunga ng iyong mga kasalanan at lahat ng ginawa mo bilang paglabag sa Kanya, at hilingin sa Kanya na tulungan kang magtiis hanggang sa mapalampasan mo ito. Manalangin tulad ng panalangin ni Jeremias sa ***Panaghoy 5:1 "Iyong alalahanin, Oh PANGINOON, kung anong dumating sa amin: iyong masdan, at tingnan ang aming pagkadusta."***

Ang pagsisisi ay nangangahulugang ang iyong pagpupunyagi na tanggapin ang mga kahihinatnan ng iyong mga kasalanan at doon mo ipinapakita kung paano ka tumutugon sa mga hinihingi ng pagtawag ng Dios. Sa pagsisisi, magkakaroon ka ng kasiguraduhan ng kapatawaran, tulad ng magnanakaw sa krus na nakatanggap ng kasiguraduhan mula kay Jesus. ***"43 At sinabi niya sa kaniya, Katotohanang sinasabi ko sa iyo, Ngayon ay kakasamahin kita sa Paraiso." (Lucas 23:43 KJV)***

Ang Salita ng Dios sa ***Jeremias 31:34*** ay nagbibigay din ng katiyakasan sa pagpapatawad ng Dios at sa hindi pag-alala sa iyong mga kasalanan pagkatapos ng pagsisisi, ***"34 At hindi na magtuturo bawa't isa sa kanila sa kaniyang kapuwa, at bawa't tao sa kaniyang kapatid, na magsasabi, Iyong kilalanin ang Panginoon; sapagka't makikilala nilang lahat ako, mula sa kaliitliitan sa kanila hanggang sa kadakidakilaan sa kanila, sabi ng Panginoon: sapagka't aking ipatatawad ang kanilang kasamaan, at ang kanilang kasalanan ay hindi ko na aalalahanin." (Jeremias 31:34 KJV)***

2. <u>Ang paggamit ng alalahanin mo ako sa mga pagsubok at kahirapan</u>: "23 Na siyang umalaala sa atin sa ating mababang kalagayan: sapagka't ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man:" (Awit 136:23 KJV) Aalalahanin ka ng Dios sa mga pagsubok, kahirapan, at sa mga panahon ng pagsubok na pinagdadaanan mo. Manalangin ka sa Dios at idalangin sa Kanya na sana'y magpatuloy kang magtiis sa pagsubok na iyong pinagdadaanan, ***"9 Iyong alalahanin, isinasamo ko sa iyo, na ako'y iyong binigyang anyo na gaya ng putik; at iuuwi mo ba ako uli sa pagkaalabok?" (Job 10:9 KJV) "13 Oh ikubli mo nawa ako sa Sheol. Na ingatan mo nawa akong lihim hanggang sa ang iyong poot ay makaraan, na takdaan mo nawa ako ng takdang panahon, at iyong alalahanin ako!" (Job 14:13 KJV)*** Kailangan mong manalangin at magmakaawa sa Dios upang makalampas ka sa mga pagsubok nang matagumpay, at habang ginagawa mo iyon sa gayon ipinapakita mo na tumutugon ka sa pagtawag ng Dios gaya ng nasa sa ***Awit 106:4***, ***"4Alalahanin mo ako, Oh PANGINOON, ng lingap na iyong ipinagkaloob sa iyong bayan; Oh dalawin mo ako ng iyong pagliligtas:" (Awit 106:4 KJV)*** kaya mahikayat ka at isaisip na ang Dios ay may tipan sa iyo; na tinawag ka Niya upang pagsilbihan Siya: ***"21 Huwag mo kaming kayamutan, alangalang sa iyong pangalan; huwag mong hamakin ang luklukan ng iyong kaluwalhatian: iyong alalahanin, huwag mong sirain ang iyong tipan sa amin." (Jeremias 14:21 KJV)***

3. <u>Ang paggamit ng alalahanin mo sa pagtugon sa Salita ng Dios</u>:"49 Iyong alalahanin ang salita sa iyong lingkod, na doo'y iyong pinaasa ako." (Awit 119:49 KJV) Habang binabasa mo ang Salita ng Dios at ang Kanyang mga pangako sa Bibliya, ang Salitang binabasa mo ay magpapatunay sa iyo ng kung ano ang ipinangako ng Dios na makakamtan at gagawin para sa iyo. Kaya naman napakahalaga na araw-araw mong basahin ang Salita ng Dios upang maalala at mahikayat sa mga pangako ng Dios na magbibigay ng buhay at

kapanatagan sa iyong kaluluwa, at makakatulong sa iyo na magpatuloy at magtiyaga sa pagtupad sa mga hinihingi ng tawag ng Dios.

4. <u>Ang paggamit ng alalahanin mo ako sa pagharap sa pag-uusig</u>: "15 Oh PANGINOON, talastas mo; iyong alalahanin ako, at dalawin mo ako, at ipanghiganti mo ako sa mga manguusig sa akin; huwag mo akong kunin sa iyong pagtitiis: talastasin mo na dahil sa iyo ay nagtiis ako ng kakutyaan." (Jeremias 15:15 KJV) "20 Igaganti baga'y kasamaan sa kabutihan? sapagka't sila'y nagsihukay ng hukay para sa akin. Iyong alalahanin kung paanong ako'y tumayo sa harap mo, upang magsalita ng mabuti para sa kanila, upang ihiwalay ang iyong kapusukan sa kanila." (Jerremias 18:20 KJV) Itataas ka ng Dios at patutunayan ang iyong katuwiran at ililigtas ka para sa lahat ng mababuting bagay na ginawa mo sa pagtupad sa tawag ng Dios sa paglilingkod sa Kanya at sa Kanyang bayan. Nanalangin si Nehemias at humiling sa Dios na harapin nang mabuti ang mga nang-uusig sa kanya. ***"14 Alalahanin mo, Oh aking Dios, si Tobias at si Sanballat ayon sa ganitong mga gawa nila, at gayon din ang propetisa na Noadias, at ang nalabi sa mga propeta, na ibig nilang sidlan ako ng katakutan." (Nehemias 6:14 KJV)*** Kailangan mong manalangin at ilagay sa kamay ng Dios ang mga taong sumasalungat sa gawain ng Dios upang Siya ang humarap sa kanila at alisin sila sa iyong daraanan upang maipagpatuloy mo ang pagtupad sa gawain ng Dios, misyon ng Dios, at kalooban ng Dios. Sa ganitong paraan natutupad mo ang mga kinakailangan ng tawag ng Dios.

Nanalangin si Samson sa Dios na alalahanin siya at maibalik ang kanyang lakas upang matapos ang misyon na ipinagkatiwala sa kanya ng Dios. ***"28 At tumawag si Samson sa PANGINOON, at sinabi, Oh PANGINOONG Dios, idinadalangin ko sa iyo na alalahanin mo ako, at idinadalangin ko sa iyong palakasin mo ako, na minsan na lamang, Oh Dios, upang maiganti kong paminsan sa mga Filisteo ang aking dalawang mata." (Hukom 16:28 KJV)*** Ang pinakapuso ng panalangin ni Samson at kung bakit natin ito ginagamit dito ay hindi para sa paghihiganti, kundi para iligtas ang bayan ng Dios, ang mga Israelita, mula sa pang-aapi ng mga Filisteo. Ayaw ng Dios na maghiganti ka, kundi gusto ng Dios na manalangin ka at makipagtulungan sa Kanya para sa pagliligtas ng Kanyang bayan mula sa kasalanan at mula sa pagkaalipin ni Satanas. Ngunit kung ang pagliligtas ng bayan ng Dios ay magdudulot ng parusa at disiplina sa kanilang mga kaaway, nasa kamay iyon ng Dios at iyon ang katarungan Niya para sa kanila.

5. <u>Ang paggmit ng alalahanin mo ako sa pagbabalik sa Dios at pagtupad sa ipinangako mong ibibigay at gagawin para sa Kanya</u>: "11 At siya'y nanata ng isang panata, at nagsabi, Oh PANGINOON ng mga hukbo, kung tunay na iyong lilingunin ang pagkapighati ng iyong lingkod, at aalalahanin mo at hindi mo kalilimutan ang iyong lingkod, kundi iyong pagkakalooban ang iyong lingkod ng anak na lalake, ay akin ngang ibibigay sa PANGINOON sa lahat ng kaarawan ng kaniyang buhay, at walang pangahit na daraan sa kaniyang ulo." (1 Samuel 1:11 KJV) Nanalangin si Hannah at hiningi sa Panginoon kung maaalala Siya at aalisin ang kanyang kahihiyan sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanya ng isang anak na lalaki, at iaalay niya ito sa Panginoon sa lahat ng araw ng kanyang buhay. Gawin mo rin ang nais mo at manalangin sa Dios na ibigay sa iyo ang mga bagay na kailangan mo para lalo Siyang paglingkuran at mabuhay para sa Kanya. Sa ganitong paraan ng panalangin at pag-aalay sa Dios, tinutupad mo ang mga kinakailangan ng tawag ng Dios.

6. <u>Ang paggamit ng alalahanin mo ako sa paghingi ng lingap sa Dios at sa pagpapakita sa Kanya ng iyong gawain at ministeryo, upang protektahan at panatilihin ang iyong mga nakamit, at tatakan ito sa Kanyang biyaya</u>: Ang mga panalangin ni Nehemias ay magandang halimbawa para sa layuning iyon:

A. <u>Nakipaglaban si Nehemias laban sa gawain ng pagpapautang nang may sobra at tinulungan ang mga dukha at mahina sa lupain</u>: "1 Nang magkagayo'y umalingawngaw ang malakas na daing ng bayan at ng kanilang mga asawa laban sa kanilang mga kapatid na mga Judio, 2 Sapagka't may nagsisipagsabi, Kami, ang aming mga anak na lalake at babae ay marami: tulutan kaming magsikuha ng trigo, upang aming makain at mabuhay kami. 3 May nagsisipagsabi naman: Aming isinasangla ang aming mga bukid at ang aming mga ubasan, at ang aming mga bahay: tulutan kaming magsikuha ng trigo, dahil sa kasalatan. 4 May nagsisipagsabi naman: Aming ipinangutang ng salapi ang buwis sa hari na hinihingi sa aming mga bukid at aming mga ubasan. 5 Gayon ma'y ang aming laman ngayon ay gaya ng laman ng aming mga kapatid, ang aming mga anak ay gaya ng kanilang mga anak: at, narito, aming dinadala sa pagkaalipin ang aming mga anak na lalake at babae upang maging mga alipin, at ang iba sa aming mga anak na babae ay nangadala sa pagkaalipin: wala man lamang kaming kapangyarihang makatulong; sapagka't ibang mga tao ang nagtatangkilik ng aming bukid at ng aming mga ubasan. 6 At ako'y nagalit na mainam, nang aking marinig ang kanilang daing at ang mga salitang ito. 7 Nang magkagayo'y sumangguni ako sa aking sarili, at nakipagtalo ako sa mga mahal na tao at sa mga pinuno, at nagsabi sa kanila, Kayo'y nangagpapatubo, bawa't isa sa kaniyang kapatid. At ako'y nagdaos ng malaking kapulungan laban sa kanila. 8 At sinabi ko sa kanila, Kami ayon sa aming kaya ay aming tinubos ang aming mga kapatid na mga Judio, na mga naipagbili sa mga bansa; at inyo ba ring ipagbibili ang inyong mga kapatid, at sila'y maipagbibili sa amin? Nang magkagayo'y nagsitahimik sila, at hindi nakasumpong kailan man ng salita. 9 Sinabi ko rin, Ang bagay na inyong ginagawa ay hindi mabuti: hindi ba kayo marapat magsilakad sa takot sa ating Dios, dahil sa

pagdusta ng mga bansa, na ating mga kaaway? 10 At ako'y gayon din, ang aking mga kapatid at ang aking mga lingkod ay nangutang sa kanila ng salapi at trigo. Isinasamo ko sa inyo na ating iwan ang patubong ito. 11 Isinasamo ko sa inyo, na isauli ninyo sa kanila, sa araw ding ito, ang kanilang mga bukid, at ang kanilang mga ubasan, ang kanilang mga olibohan, at ang kanilang mga bahay, gayon din ang ikasangdaang bahagi ng salapi, at ng trigo, ng alak, at ng langis, na inyong hinihingi sa kanila. 12 Nang magkagayo'y sinabi nila, Aming isasauli, at wala kaming hihilingin sa kanila; gayon namin gagawin, gaya ng iyong sinasabi. Nang magkagayo'y tinawag ko ang mga saserdote at pinanumpa ko sila, na sila'y magsisigawa ng ayon sa pangakong ito. 13 Ipinagpag ko naman ang aking laylayan, at ako'y nagsabi, Ganito ipagpag ng Dios ang bawa't tao mula sa kaniyang bahay, at mula sa kaniyang gawain, na hindi tumupad ng pangakong ito; sa makatuwid baga'y ganito ipagpag siya, at mahungkag. At ang buong kapisanan ay nagsabi, Siya nawa, at pumuri sa Panginoon. At ginawa ng bayan ayon sa pangakong ito. 14 Bukod dito'y mula sa panahon na ako'y mahalal na kanilang tagapamahala sa lupain ng Juda, mula sa ikadalawang pung taon hanggang sa ikatatlong pu't dalawang taon ni Artajerjes na hari, sa makatuwid baga'y labing dalawang taon, ako at ang aking mga kapatid ay hindi nagsikain ng tinapay ng tagapamahala. 15 Nguni't ang mga dating tagapamahala na una sa akin ay naging pasan sa bayan, at kumuha sa kanila ng tinapay at alak, bukod sa apat na pung siklong pilak; oo, pati ng kanilang mga lingkod ay nagpupuno sa bayan: nguni't ang gayon ay hindi ko ginawa, dahil sa takot sa Dios. 16 Oo, ako nama'y nagpatuloy sa gawain ng kutang ito, ni hindi man lamang kami nagsibili ng anomang lupain: at ang lahat ng aking mga lingkod ay nagpipisan doon sa gawain. 17 Bukod dito'y nagkaroon sa dulang ko ng mga Judio at mga pinuno na isang daan at limang pung tao, bukod sa nagsiparoon sa amin na mula sa mga bansa na nasa palibot namin. 18 Ang inihahanda nga sa bawa't araw ay isang baka at anim na piling tupa; mga ibon naman ay nahanda sa akin, at minsan sa sangpung araw ay sarisaring alak na masagana: gayon ma'y sa lahat ng ito ay hindi ako humingi ng tinapay sa tagapamahala, sapagka't ang pagkaalipin ay mabigat sa bayang ito." (Nehemias 5:1-18 KJV) Hiniling ni Nehemias na alalahanin ang kanyang gawa sa pagtatanggal ng pagpapautang mula sa buhay ng mga tao at tulungan ang mga dukha sa pagpapanatili sa pangangailangan sa kanilang buhay, ***"19 Alalahanin mo ako, Oh aking Dios, sa ikabubuti, lahat na aking ginawa dahil sa bayang ito." (Nehemias 5:19 KJV)*** Magtulungan tayo para alisin ang pagpapautang na labis ang interes at tulungan ang mga taong may utang na matugunan ang kanilang pang-araw-araw na pangangailangan at mabayaran ang lahat ng kanilang utang.

B. <u>Ipinatayo ni Nehemias ang disiplina ng pag-iikapu at pagbibigay ng mga unang bunga, ang sistema para matustusan ang mga manggagawa, at pagtitiyak nito bilang probisyon para sa mga Levita at mga pari, ang mga manggagawa sa templo ng Dios</u>: "10 At nahalata ko na ang mga bahagi ng mga Levita ay hindi nangabigay sa kanila; na anopa't ang mga Levita, at ang mga mangaawit na nagsisigawa ng gawain, ay nangagsitakas bawa't isa sa kanikaniyang bukid. 11 Nang magkagayo'y nakipagtalo ako sa mga pinuno, at sinabi ko, Bakit pinabayaan ang bahay ng Dios? At pinisan ko sila, at inilagay sa kanilang kalagayan. 12 Nang magkagayo'y dinala ng buong Juda ang ikasangpung bahagi ng trigo at ng alak at ng langis sa mga ingatang-yaman. 13 At ginawa kong mga tagaingat-yaman sa mga ingatang-yaman, si Selemias na saserdote, at si Sadoc na kalihim, at sa mga Levita, si Pedaias: at kasunod nila ay si Hanan na anak ni Zaccur, na anak ni Mathanias: sapagka't sila'y nangabilang na tapat, at ang kanilang mga katungkulan ay magbahagi sa kanilang mga kapatid." (Nehemias 13:10-13 KJV) Hiningi ni Nehemias sa Dios na alalahanin ang kaniyang ginawa sa aspetong iyon at panatilihin at ingatan ito ***"14 Alalahanin mo ako, Oh aking Dios, tungkol dito, at huwag mong pawiin ang aking mga mabuting gawa na aking ginawa sa ikabubuti ng bahay ng aking Dios, at sa pagganap ng kaugaliang paglilingkod doon." (Nehemias 13:14 KJV)*** Patuloy natin na magbigay ng ikapu sa ating kita at dalhin ang ating mga alay at ibigay ang unang bunga sa Dios, upang ang simbahan ng Dios ay mapanatili at mabigyan ng sapat.

C. <u>Itinatag ni Nehemias ang disiplina ng pagtangkilik sa Sabbath, ang araw ng pahinga at pagsamba sa Dios, at humiling sa Dios na protektahan ang kanyang mga nakamit</u>: "15 Nang mga araw na yaon ay nakita ko sa Juda ang ilang nagpipisa sa mga ubasan sa sabbath, at nagdadala ng mga uhay, at nangasasakay sa mga asno; gaya naman ng alak, mga ubas, at mga higos, at lahat na sarisaring pasan, na kanilang ipinapasok sa Jerusalem sa araw ng sabbath: at ako'y nagpatotoo laban sa kanila sa kaarawan na kanilang ipinagbibili ang mga pagkain. 16 Doo'y nagsisitahan naman ang mga taga Tiro, na nangagpapasok ng isda, at ng sarisaring kalakal, at nangagbibili sa sabbath sa mga anak ni Juda, at sa Jerusalem. 17 Nang magkagayo'y nakipagtalo ako sa mga mahal na tao sa Juda, at sinabi ko sa kanila, Anong masamang bagay itong inyong ginagawa, at inyong nilalapastangan ang araw ng sabbath? 18 Hindi ba nagsigawa ng ganito ang inyong mga magulang, at hindi ba dinala ng ating Dios ang buong kasamaang ito sa atin, at sa bayang ito? gayon ma'y nangagdala pa kayo ng higit na pag-iinit sa Israel, sa paglapastangan ng sabbath. 19 At nangyari, na nang ang pintuang-bayan ng Jerusalem ay magpasimulang magdilim bago dumating ang sabbath, aking iniutos na ang mga pintuan ay sarhan, at iniutos ko na huwag nilang buksan hanggang sa makaraan ang sabbath: at ang ilan sa aking mga lingkod ay inilagay ko sa mga pintuang-bayan, upang walang maipasok na pasan sa araw ng sabbath. 20 Sa gayo'y ang mga mangangalakal at manininda ng sarisaring kalakal, ay nangatigil sa labas ng Jerusalem na minsan o makalawa. 21 Nang magkagayo'y nagpatotoo ako laban sa kanila, at nagsabi sa kanila, Bakit nagsisitigil kayo sa may kuta? kung kayo'y

magsigawa uli ng ganiyan, aking pagbubuhatan ng kamay kayo. Mula nang panahong yaon ay hindi na sila naparoon pa ng sabbath. 22 At ako'y nagutos sa mga Levita na sila'y mangagpakalinis, at sila'y magsiparoon, at ingatan ang mga pintuang-bayan, upang ipangilin ang araw ng sabbath. Alalahanin mo ako, Oh aking Dios, dito man, at kahabagan mo ako ayon sa kalakhan ng iyong kaawaan." (Nehemias 13:15-22 KJV) Panatilihin natin na banal ang araw ng pagsamba, maglingkod tayo sa Dios, at anyayahan natin ang iba at ituro sa kanila na sumama at maglingkod sa Buhay na Dios kasama natin.

D. <u>Itinatag ni Nehemias ang disiplina sa pag-aasawa, sa pamamagitan ng hindi pagpapahintulot sa mga Israelita na mag-asawa sa mga bansa sa paligid nila, at hiniling ni Nehemias sa Dios na parusahan ang mga lumalabag sa utos ng Dios at mag-aasawa sa mga banyagang bansa</u>: "23 Nang mga araw namang yaon ay nakita ko ang mga Judio na nangagaasawa sa mga babae ng Asdod, ng Ammon, at ng Moab: 24 At ang kanilang mga anak ay nagsasalita ng kalahati sa wikang Asdod, at hindi makapagsalita ng wikang Judio, kundi ayon sa wika ng bawa't bayan. 25 At ako'y nakipagtalo sa kanila, at sinumpa ko sila, at sinaktan ko ang iba sa kanila, at sinabunutan ko sila, at pinasumpa ko sila sa pamamagitan ng Dios, na sinasabi ko, Kayo'y huwag mangagbibigay ng inyong mga anak na babae na maging asawa sa kanilang mga anak na lalake, ni magsisikuha man ng kanilang mga anak na babae sa ganang inyong mga anak na lalake, o sa inyong sarili. 26 Hindi ba nagkasala si Salomon na hari sa Israel sa pamamagitan ng mga bagay na ito? gayon man sa gitna ng maraming bansa ay walang haring gaya niya; at siya'y minahal ng kaniyang Dios, at ginawa siyang hari ng Dios sa buong Israel: gayon ma'y pinapagkasala rin siya ng mga babaing taga ibang lupa. 27 Didinggin nga ba namin kayo na inyong gawin ang lahat na malaking kasamaang ito, na sumalangsang laban sa ating Dios sa pagaasawa sa mga babaing taga ibang lupa? 28 At isa sa mga anak ni Joiada, na anak ni Eliasib na dakilang saserdote, ay manugang ni Sanballat na Horonita: kaya't aking pinalayas siya sa akin. 29 Alalahanin mo sila, Oh Dios ko, sapagka't kanilang dinumhan ang pagkasaserdote, at ang tipan ng pagkasaserdote at ng sa mga Levita. 30 Ganito ko nilinis sila sa lahat ng taga ibang lupa, at tinakdaan ko ng mga katungkulan ang mga saserdote at ang mga Levita, na bawa't isa'y sa kaniyang gawain; 31 At tungkol sa kaloob na panggatong, sa mga takdang panahon, at tungkol sa mga unang bunga. Alalahanin mo ako, Oh Dios ko, sa ikabubuti." (Nehemias 13:23-30 KJV) Ipangako natin ang sarili sa mga pamantayan ng makaDios na pag-aasawa, at manatiling matatag laban sa lahat ng sumusubok gumawa ayon sa kanilang sariling paraan at pumasok sa mga pag-aasawa na hindi itinatag ng Dios sa Kaniyang Salita.

E. <u>Itinatag ni Nehemias ang sistema ng pagbibigay ng unang bunga at nagkaroon ng sistema upang mapanatili ang mga pangangailangan ng bahay ng Dios at ipinanalangin niya sa Dios na ingatan ito at alalahanin siya nang may pabor</u>: "31 At tungkol sa kaloob na panggatong, sa mga takdang panahon, at tungkol sa mga unang bunga. Alalahanin mo ako, Oh Dios ko, sa ikabubuti." (Nehemias 13:31 KJV)

Sa aking Mahal at Minamahal: Ang mga nabanggit ay ang mga bagay na kailangan mong makamit para sa Dios ayon sa Kanyang pagtawag sa iyo, at ganoon mo sinasagot ang mga kinakailangan ng Kanyang pagtawag. Halika, pag-usapan natin ang mensahe at tingnan ang bawat punto at alamin kung naaaplay ba natin ito sa ating buhay.

1. ***Nagsisisi na ba tayo at hiningi sa Dios na alalahanin tayo?***
2. ***Sa paghiling sa Dios na alalahanin tayo sa gitna ng kahirapan at pagsubok ay pagpapakita ng ating tunay na pananampalataya sa Dios.***
3. ***Sa paghiling sa Dios na alalahanin ang Kanyang ipinangako sa atin sa Kanyang Salita, ipinapakita nito ang ating buong pagtitiwala sa Dios at sa Kanyang Salita sa ating buhay at pamumuhay.***
4. ***Sa paghiling sa Dios na alalahanin tayo sa panahon ng pag-uusig ay pagpapakita ng ating tunay na pananampalataya sa Dios at ang ating kahandaang magtiis at magpasan ng paghihirap dahil sa Kanya.***
5. ***Sa pagpapabalik sa Dios ng Kanyang ipinangako sa atin, dito natin tinuturing na inalala Niya tayo at ibinigay ang ating hinihingi sa Kanya.***
6. ***Nakipaglaban ka na ba laban sa labis na pagpapautang at tumulong sa pagpapagaan sa mga taong may utang? Nakapagbayad ka na ba ng iyong ikapu, handog, at nagtrabaho upang ihanda ang iyong unang bunga at ibigay nang buo para sa maayos na pangangailangan ng bahay ng Dios? Nagsikap ka na bang panatilihing banal ang araw ng sabbath, ang araw ng pagsamba? Nakiimbita ka na ba ng mga tao na sumama at maglingkod sa Dios kasama natin? Nagtrabaho ka na bang linisin ang simbahan mula sa hindi maka-Dios na mga pag-aasawa? Ganito mo dapat gawin para ipakita sa Kanya ang lahat ng mababuting gawa na nagawa mo para sa Kanya at hilingin na alalahanin at pangalagaan ang mga ito.***

Gawin sa sarili ang mensahe sa iyong buhay at tingnan kung ano ang mga bagay na kailangan mong itama at gawin para sa Panginoon, dahil tinawag ka Niya upang tuparin ang mga kinakailangan sa pagtawag ng Dios.

Ang aking Panalangin: *Amang Dios Ako'y lumalapit saiyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat sa iyong Salita at sa Iyong mga pangako sa akin. Panginoon, salamat na naalala mo ako at salamat sa pagpapala mo sa akin sa lahat ng mababuting bagay na nagawa ko para sa iyo. Panginoon, salamat sa lahat ng materyal at espiritwal na biyaya na ibinigay mo sa akin, at salamat sa lahat ng aral at salamat sa lahat ng pagtutuwid, pagsaway, at mga paalaala na natanggap namin sa mensaheng ito.*

Lumapit ngayon at ipagtapat mo sa Dios ang iyong mga kasalanan. Magsisi ka sa iyong kayabangan at pagiging makatuwiran sa sarili, sa iyong galit, away, selos, inggit, paibig sa pera, paggawa ng makamundong bagay at pagmamahal sa materyal na bagay. Magsisi ka sa hindi mo kagustuhang magdusa at mausig dahil kay Cristo. Magsisi at talikuran mo ang hindi mo kagustuhang pagsilbihan ang Dios at mamuhay ayon sa Kanyang kalooban. Magsisi ka sa pagpapalaganap ng mga pag-aasawa na walang paghahanda, sa hindi pagsunod sa sabbath at sa hindi pagbibigay ng iyong ikapu, handog at unang bunga sa Dios. Magsisi ka sa kakulangan sa pagbabasa ng Salita ng Dios, sa kakulangan ng panalangin, sa pagsasayang ng oras sa Media, Balita at laro, at sa pagiging masamang halimbawa sa iba. Panginoon patawarin mo ako sa mga sumusunod na kasalanan _____. ***"Huwag kang lubhang mapoot, Oh Panginoon, o umalaala man ng kasamaan ng magpakailan man: narito, tingnan mo, isinasamo namin sa iyo, kaming lahat ay iyong bayan." "Huwag mong alalahanin ang mga kasalanan ng aking kabataan, ni ang aking mga pagsalangsang: ayon sa iyong kagandahang-loob ay alalahanin mo ako, dahil sa iyong kabutihan, Oh Panginoon." "Huwag mong alalahanin laban sa amin ang kasamaan ng aming mga magulang: magmadali ang iyong mga malumanay na kaawaan na tulungan kami: sapagka't kami ay totoong hinamak." "Iyong alalahanin, Oh Panginoon, kung anong dumating sa amin: iyong masdan, at tingnan ang aming pagkadusta."***

Panginoon Ipinapangako ko sa aking sarili na isagawa ang mga tuntuning natutunan ko mula sa mensaheng ito sa aking buhay at ministeryo. Panginoon, bigyan mo ako ng pagtitiyaga at pangalagaan at protektahan mo ako upang magawa ko ang iyong mga gawa at kalooban. Panginoon, alalahanin mo ako at pangalagaan ang mga mababuting gawa na nagawa ko para sa iyo _____. Panginoon, palakasin mo ako sa pamamagitan ng iyong biyaya at tulungan mo akong malagpasan ang pagsubok na ito _____. Panginoon, protektahan mo ako mula sa pag-uusig at lahat ng gawa ng diyablo sa pangalan ni Jesus. Panginoon, ipinapangako ko sa aking sarili na magtitiis hanggang sa dulo sa pagtupad ng aking pangako sa iyo. Panginoon, protektahan mo ako at ibigay ang aking kailangan upang patuloy kitang paglingkuran. Ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.

Panginoon, salamat sa aking mga kapatid at mga babae na nagsisi at bumalik sa iyo na handang magtiis upang mabuhay nang may kabanalan, at sa paggawa ng iyong kalooban at pagtitiis sa pagdaraanan ng mga pagsubok at paghihirap sa kanilang buhay. Panginoon, pangalagaan mo sila at pagkalooban ng kailangan nila upang patuloy silang mabuhay para sa iyo, pagsilbihan ka at magbigay ng mabuting halimbawa sa iba upang sundan ka. Panginoon, alalahanin at panatilihin mo ang lahat ng kanilang mababuting gawa, at gumawa ng mga himala at kababalaghan sa kanilang buhay at palakasin sila sa tagumpay upang malaman ng mga tao na ikaw ang tunay na Dios at sila ay iyong mga lingkod.

Panginoon, dalangin namin para sa amin bilang isang simbahan na ipagpatuloy naming ituro ang iyong Salita at ipahayag ang iyong mga paraan sa aming mga pamilya at sa iba pa naming mga manggagawa at miyembro. Panginoon, iniaalay namin ang aming sarili na lumakad sa iyong harapan nang may kabanalan ayon sa iyong kalooban at plano para sa amin. Panginoon, gabayan mo kami na tulungan ang mga taong nasa kasalanan at pagkakaalipin at naghahanap ng tulong mula sa iyo upang makalaya. Panginoon, gabayan mo kami na tulungan ang mga taong nangangailangan at makalaya sa kanilang mga utang. Panginoon, bigyang kakayahan mo kami na linisin ang mga may ketong. Panginoon, alalahanin mo ang lahat ng mababuting gawa na aming ginawa para sa iyo at panatilihin at gamitin ito para sa iyong kaluwalhatian. Panginoon, puspusin mo kaming muli ng Espiritu Santo, at gabayan at bigyang kakayahan kami na maabot ang mga bagong tao, makagawa ng mga bagong alagad at magturo sa mga bagong manggagawa, at magtanim ng mga bagong pag-aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon, dalangin ko para sa mas maraming tao na mabautismuhan sa tubig at makatanggap ng bautismo ng Espiritu Santo. Panginoon, pagpalain at palawakin ang lahat ng aming ministeryo, at ihanda kami sa iyong pagbabalik upang sumama kami sa iyo. Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas mo kami mula sa kapahamakan upang hindi kami maramdaman ang sakit. Nawa ang ang biyaya ng Panginoong Jesus, ang pag-ibig ng Dios, at ang pakikisama ng Banal na Espiritu ay sumain sa amin lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos

United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com